


**Abstract**

This poem was forged during the 2022 campaign season. It follows the tale of two siblings who faced the wrath of their family and neighbors because of a scandalous scenario.

**English title**

"Kabit*": Scandal in the Time of Elections

*Ka-bít

[adj.] hung · mounted · attached

[n.] mistress · other lover outside an established romantic relationship

**Keywords**

Elections, campaign, Filipino, historical, Covid

# KABIT: ESKANDALO SA PANAHON NG ELEKSIYON

T.L JAVIER

May limang minuto ka para baguhin ang kasaysayan
Juana, 'wag nang pansinin ang mga matang nagbubulungan,
Parating na siya, pag-alis sa eskandalo iyong bilisan!
Kabit; bobo; walang alam.

Pedro, pakiusap, huwag mo akong madaliin
Nakakumot pa ang amoy ng eskinita sa atin,
Halika't tulungan mo ako. Gunting at hagdan, tayo'y maglabasan.
Kabit; atras; eskandalo ay tantanan.

Ano na lang ang sasabihin nila—lalo na niya—
Kapag nakitang nakalantad 'yan sa ating labasan:
Hubad na rosas, duguang kamao; oposisyon.
Kabit; bobo; baklasin ang opinyon!

"Ba't ba kasi kailangang itago?"
Kathang huni ng mga 'di magpapagapi.
'Wag nang magtanong, kumuha ng panakip.
Kabit; Bilis; Huwag nang makulit!

Tumingin ka sa paligid, lahat ng bahay may kabit,
Ang iba, hindi na nahiya, patong-patong na sa rami
Siklo ng mga kulay; sa yero, gate, pader nakadikit
Kabit; ang daming kabit, nakakalat, ang dumi-dumi.

Maluwag na ang kapit ng mga kabit
Karamihan ay kupas na ang kulay,
Pudpod ang mensahe, 'di na magagamit
Hindi natuto. Paulit-ulit, nakakaumay.

Naninigas ka na.
Sa takot at lamig, dito sa tarangkahan
Kapasyahan bago kahandaan.
Tanggal, Kabit; bilis; malapit na!

"Ano'ng magandang pantakip?"
Diyaryo- wala nang nagsasabi ng totoo
Resibo- walang binayarang utang ang mga 'to.
Kabit, magmadali, pumili ng kalilimutan.

Juana, hindi na tayo umabot.
Isang dekadang pinaghandaan.
Nilibing sa Bayaning Libingan.
Kabit; baba; nandito na *siya*.

Umalingawngaw ang amoy ng isang bagong uwi
Ama ng dalawa, galing pang dagat na sawi.
Masama ang tingin sa nakabanderang kabit.
"Bakit hindi si Marcos ang, sa gate, nakakabit?"

Masakit sa tenga ang palakpakan
Nang hatakin ng ama ang tarpaulin
Walang magiging pagtahan sa tahanan.
Kabit; nagtagumpay; huling tali'y gupitin.

Ipinasa ng ama sa magkapatid,
Ang dalawang daang bilyong kapalit
"Ito ang inyong ikabit."
Kabit; Tuta; tarpaulin na pinagpalit.

Hindi ba't ikaw dapat ang una, itay?
Makakita sa mga maling agos ng buhay?
Ng panahong baluktot ang pag-alpas?
Iyong maling kabit; anim na taon babakas.

Madali sigurong ahunin
Ang mga barkong walang angkla
Isang nakaraang rerepasuhin
Kabit; alon; hahabang tanikala

Parang pinako-pako ang kamay
Sa bawat pagkabit ng mukha
Si Barabbas ang pinili; si Hesus ay pinatay
Kabit; mga kapatid, kabit hanggang maubusan ng hininga.

Sa bawat pagkabit ay pagtanggal.
Sino'ng mag-aakalang tarpaulin ang sanhi
Sa paglisan ng magkapatid
Kabit; armas; itutok sa kalaban.

Dahan-dahan ang pag-impake,
Baka magising si mister; magalit pa si misis
Sa tuldok-kuwit ng gabi, kayo ay tumakas
Tiningnan ang nakakabit: ang nanira ng pamilya.

"Babalik tayo" bulong n'yo sa isa't isa
Sa harap ng patay na gabi
Ang tanging nakarinig,
,
,
,
tarpaulin na ikinabit sa basura.